

# FACT SHEET: Johnson & Johnson Mga Benepisyo at Panganib ng Bakuna sa COVID-19

Intindihin ang mga panganib at mga benepisyo ng pagtanggap ng isang beses na dose na bakuna ng Johnson & Johnson sa COVID-19, na maaaring makaiwas para sa iyo na makakuha ng COVID-19. Ito ay iyong pasya na tanggapin ang bakuna. Kausapin ang tagapagkaloob ng bakuna kung ikaw ay may mga katanungan.

## Tungkol sa Bakuna na ito

Tulad ng lahat ng mga bakuna ng COVID-19, ang bakuna na ito ay binigyan ng awtorisasyon ng FDA para sa emerhensiyang paggamit dahil sa kalubhaan ng pandemiko ng COVID-19. Ang bakuna na ito ay isang beses na dose na itinuturok sa kalamnan.

## Bago Kunin ang Bakuna

Sabihin sa tagapagkaloob ng pagpapabakuna ang tungkol sa iyong medikal na kondisyon, kasama kung ikaw ay:

- may mga alerhiya
- may lagnat
- may sakit sa pagdurugo o gumagamit ng blood thinner
- ay immunocompromised o gumagamit ng gamot na nakakaapekto sa iyong immune system
- ay buntis, nagpapasuso, o plano na maging buntis
- nakatanggap ng ibang bakuna ng COVID-19

## Huwag Dapat Kunin ang Bakuna na ito kung:

Ikaw ay may malubhang alerhiyang reaksiyon sa anumang sangkap ng bakuna na ito: recombinant, replication-incompetent adenovirus type 26 na nagpapahiwatig sa SARS-CoV-2 spike protein, citric acid monohydrate, trisodium citrate dihydrate, ethanol, 2-hydroxypropyl- $\beta$ -cyclodextrin (HBCD), polysorbate-80, sodium chloride.

## Mga Benepisyo ng Bakuna na ito

Sa isang kasalukuyang nagaganap na clinical trial, ang bakuna na ito ay nagpapakita na nakakaiwas sa sakit, ospitalisasyon o kamatayan mula sa COVID-19 kasunod ng isang beses na dose. Ang tagal ng proteksyon laban sa COVID-19 ay kasalukuyang hindi alam.

Inakma mula sa [FDA Fact Sheet para sa mga Tagatangap at mga Tagapangalaga](#)

## Mga Panganib Kaugnay sa Bakuna na ito

- **Pangkalahatang Epekto:** Kasama ng naiulat na mga epekto kaugnay sa bakuna na ito ang reaksiyon sa sityo ng pagpapaturuk at sakit sa ulo, pagkapagod, sakit sa kalamnan, pagsusuka at lagnat.
- **Malubhang Reaksiyon sa Alerhiya:** May maliit na tyansa na ang bakuna ay maaaring magdulot ng malubhang reaksiyon sa alerhiya (kahirapan sa paghinga, pamamaga ng mukha at lalamunan, mabilis na pintig ng puso, bungang-araw o rash sa buong katawan, pagkahilo, panghihina), na madalas nangyayari ilang minuto sa isang oras pagkatapos kunin ang dose.
- **Pamumuo ng Dugo:** Ang pamumuo ng dugo kaugnay ng daluyan ng dugo sa utak, puson, at paa; na may mababang antas ng selula ng dugon na nakakatulong sa iyong katawan na pigilin ang pagdurugo, na nangyari nang madalang sa ilang mga tao na nakatanggap ng Johnson & Johnson na bakuna sa COVID-19. Sa mga tao na may pamumuo ng dugo, ang sintomas ay nag-uumpisa ng halos 1–2 linggo pagkatapos ng pagpapabakuna at karamihan sa mga kababaihan sa ilalim ng 50 na taong gulang ang edad. Kailangang humingi kaagad ng medikal na atensyon kung may anumang sumusunod na sintomas ilang araw pagkatapos na matanggap ang bakuna: kahirapan sa paghinga, sakit sa dibdib, pamamaga ng paa, patuloy na sakit sa puson, malubhang sakit sa ulo o malabong paningin, madaling magkapasa o maliliit na dugo sa ilalaim ng kutis sa lugar ng pinagturukan.

## Kung Ikaw ay Nakakaranas ng Epekto

Kung ikaw ay nakakaranas ng malubhang reaksiyon sa alerhiya, tumawag sa 9-1-1, o pumunta sa pinakamalapit na ospital. Tumawag sa tagapagkaloob ng pagpapabakuna o ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan kung ikaw ay may anumang epekto na nakakaabala sa iyo o hindi umaalis.

## Ibang mga Opsyon upang Makaiwas sa COVID-19

Ito ay iyong pasya na tanggapin ang bakuna na ito at ang hindi pagkuha nito ay hindi nagbabago sa iyong pamantayan ng pangangalagang medikal. Ang ibang mga bakuna na pang-iwas sa COVID-19 ay magagamit.

## Karagdagang Impormasyon

Bumisita sa [www.janssencovid19vaccine.com](http://www.janssencovid19vaccine.com) o sa [www.cdc.gov/coronavirus](http://www.cdc.gov/coronavirus)  
Tumawag sa 1-800-565-4008 o (908) 455-9922

